# PROGRAMA NG PAGPAPALIPAS NG PAGPAPAALIS SA ESTADO NG TEXAS

Ang Programa ng Pagpapalipas ng Pagpapaalis sa Texas o TEDP ay tumutulong sa mga nangungupahan sa Texas na manatili sa kanilang mga tahanan at nagbibigay sa mga maylupa ng alternatibo sa pagpapaalis. Ang TEDP ay maaaring magbigay ng hanggang anim na buwan na tulong sa pag-upa para sa mga kwalepikadong nangungupahan na nasa pagkauhli ng upa dahil sa pandemyang COVID-19 at inakusahan para sa pagpapaalis. Kapwa ang nangungupahan at ang may-ari ay dapat sumang-ayon na lumahok at matugunan ang mga kinakailangan sa tsart sa ibaba. Ang pansamantalang programa na ito ay natatanging pakikipagsosyo sa pagitan ng Korte Suprema ng Texas, Tanggapan ng Administrasyong Hukuman ng Texas, at ang Kagawaran ng Pabahay at Kagawaran ng Komunidad ng Texas o TDHCA.

- Ang tulong ay maaring gamitin upang bayaran ang buong kinontratang upa na nasa araw na ng pagbayad (hanggang sa limang buwan), at ang natitira ay maaaring gamitin upang bayaran ang kasunod na mga buwan ng tulong (hanggang sa total na na anim na buwan).
  - Ang TEDP au gumagamit ng espesyal na proseso ng korte na pinahihintulutan ang korte na ilagay an mga demanda sa pagpapatalsik na on-hold at ilipat ang mga ito sa TEDP. Sa ilalim ng TEDP, ang mga pagbabayad ng kabuuan ay ibinibigay sa mga maylupa para sa mga atraso sa pag-upa kapalit ng pagpayag sa mga nangungupahan na manatili sa kanilang bahay at magpatawad sa huli na bayarin. Ang mga naibang kaso ay aalisin at gagawing kumpidensyal mula sa pagsisiwalat sa publiko.

| MAYLUPA / YUNIT | Ang pansamantalang programa na ito ay isang natatanging pakikipagsosyo sa pagitan ng Korte Suprema ng Texas |
|---|---|
| Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalepikado:<br>✪ Tulong para sa renta na hindi hihigit sa Abril 2020<br>✪ Ang upa para sa tulong sa sambahayan ay maaaring hindi lumampas sa maximum na mga limitasyon ng TDHCA (mga limitasyong magagamit sa pamamagitan ng zip code sa http://www.tdhca.state.tx.us/TEDP.htm)<br>✪ Dapat magkaroon ng bank account at tumatanggap ng direktang deposito<br>✪ Ang mga yunit na tumatanggap na ng tulong na nakabatay sa proyekto o mga yunit ng pampublikong pabahay ay hindi kwealepikado<br>✪ Ang mga yunit na pagmamay-ari ng yunit ng gobyerno ay maaaring hindi kwalepikado | Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalepikado:<br>✪ Kita ng sambahayan o mas mababa sa 200% ng kahirapan o 80% ng Area Median Income*<br>✪ Ang sambahayan ay apektado sa pananalapi ng COVID-19 pandemya<br>✪ HINDI KWALEPIKADO ang mga nangungupahan kung tumatanggap sila ng tulong na voucher na nakabatay sa nangungupahan, ay nasa isang yunit na tumatanggap ng tulong na batay sa proyekto, o nasa pampublikong tirahan |
| Kinakailangang Mga Dokumento:<br>✪ Kopya ng isinakatuparang pagpapaupa kasama ang nangungupahan, o kung walang nakasulat na pag-upa, kinakailangan ng sertipikasyon na nagpapatunay ng pag-upa<br>✪ Dokumentasyon ng Mga Lumipas na Bayad (ledger, atbp.)<br>✪ IRS W-9<br>✪ Kinompletong porma ng TEDP ng maylupa<br>✪ Kinompletong sertipikasyon ng TEDP ng maylupa | Kinakailangang Mga Dokumento:<br>✪ Personal na ID<br>✪ Kung walang nakasulat na pagpapa-upa, ebidensya ng pag-upa ng yunit<br>✪ Kita: katibayan ng pagiging kwalepikado sa ilalim ng iba pang kwalipikadong programa ** O katibayan ng kita sa nakaraang 30 araw<br>✪ Kinompletong porma ng TEDP ng umu-upa<br>✪ Kinompletong sertipikasyon ng TEDP ng umu-upa |
| Hihilingin sa Iyo upang Mapatunayan na Ikaw ay:<br>✪ Tatawarin ang mga nahuli na bayarin, parusa, at hindi ipapasa ang mga gastos sa korte sa nangungupahan<br>✪ Hindi nakatanggap ng tulong mula sa isa pang programa para sa parehong buwan ng renta para sa kliyente na ito at hindi mailalapat sa hinaharap para sa mga sakop na buwan<br>✪ Ilalabas ang nangungupahan mula sa pananagutan sa | Hihilingin sa Iyo upang Mapatunayan na Ikaw ay:<br>✪ Ang iyong sambahayan ay naapektuhan sa pang-ekonomiya ng pandemyang COVID-19<br>✪ Hindi ka nakatanggap ng tulong sa pag-upa para sa parehong buwan ng pag-upa at hindi hihingi ng sinabing tulong sa hinaharap para sa mga sakop na buwan<br>✪ Hindi ka pa nakatatanggap ng tulong sa pag-upa na |

| | |
|---|---|
| pagbabayad para sa panahong ito, i-aatras ang lahat ng mga pag-angkin na naitaas sa kaso ng pagpapatalsik, at hindi paalisin ang nangungupahan para sa panahong sakop ng TEDP<br>✪ Ibabalik ang bayad ng TEDP sa loob ng 10 araw kung nakatanggap ka ng bayad sa renta para sa parehong panahon na ito<br>✪ Kung walang nakasulat na pag-upa, makukumpirma ang termino ng pag-upa, halaga ng renta, at makapagbibigay ng patunay ng pag-upa | pinondohan ng mga pondo ng CDBG CARES na kung saan, kasama ang tulong na ito, ay lalampas sa 6 na buwan sa kabuuan<br>✪ Kung walang nakasulat na pag-upa, makukumpirma ang termino ng pag-upa, halaga ng renta, at makapagbibigay ng patunay ng pag-upa |

| Sino ang Maaaring Tumulong sa Akin Upang Ma-access ang Programa? | |
|---|---|
| KORTE | PROGRAMA |
| Pumunta sa: www.txcourts.gov/eviction-diversion/<br>Tumawag sa: 855-270-7655 | Pumunta sa: http://www.tdhca.state.tx.us/TEDP.htm<br>Tumawag sa: 800-525-0657 or 512-475-3800 (piliin ang opsyon 4) |

* Magagamit lamang ang TEDP sa mga piling lugar ng estado sa una palang. Sa panahong iyon ang pagiging kwalepikado ay batay sa kita ng sambahayan na mas mababa sa 200% ng kahirapan:

| Sukat ng Sambahayan | 1 na tao | 2 na mga tao | 3 na mga tao | 4 na mga tao | 5 na mga tao | 6 na mga tao | 7 na mga tao | 8 na mga tao |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 200% na kahirapan | $25,520 | $34,480 | $43,440 | $52,400 | $61,360 | $70,320 | $79,280 | $88,240 |

Para sa mga kabahayan na may higit sa 8 na tao, magdagdag ng $ 8,960 para sa bawat karagdagang tao.

** Ikaw ay itinuturing na kwalepikado, at hindi nangangailangan ng iba pang dokumentasyon, kung mayroon kang katibayan na ikaw ay: 1) ay kasalukuyang tumatanggap ng tulong sa ilalim ng SNAP, SSI, LIHEAP, o Medicaid; O 2) kung nakatira ka sa kwalipikadong pag-aari na pinaghihigpitan ng upa at may katibayan ng sertipikasyon ng kita mula sa pag-aari na napetsahan o pagkatapos ng Marso 31, 2020, at sa loob ng 12 buwan ng aplikasyon para sa tulong, at patunayan sa sarili na ang iyong kita ay mananatiling mas mababa sa limitasyon. Sa ilang mga pangyayari ang administrator ng TEDP ay maaaring payagan ang pansariling sertipikasyon ng kita, ngunit ang nangungupahan ay dapat pa ring makapagpakita ng ebidensya sa pag-hiling.